

Babae, sulong!
Natatanging kwento ng mga tagapag-sulong
ng industriya ng paggagatasan

#forever
sa gatasang kalabaw



**Lakas-
Juana**

Karabaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

ISSN 2507-8933



01

9 772507 893003

TOMO 1, BILANG 1 Unang Isyu 2016

BUKOD
-TANGI

SA
BABAING
LAHAT

*Bureau of Animal Industry (BAI) director Rubina Cresencia,
National Dairy Research Center (NDRC) administrator Grace Cenas,
Department of Trade and Industry (DTI) provincial director
Brigida T. Pili, Department of Agriculture (DA) provincial director
provincial agrarian reform officer Jacobson Ramones, chief
(BATS) director Rubina Cresencia, National Dairy Authority
(NDA) administrator Grace Cenas, and BATS provincial director*

*DA director Rubina Cresencia, BATS provincial director
Brigida T. Pili, and BATS provincial agrarian reform officer
Jacobson Ramones, chief*

Karbaw

TOMO 1, BILANG 1
Unang Isyu 2016

PATNUGUTAN

Patnugot ERIC P. PALACPAC, ROWENA G. BUMANLAG
Tagapamahalang Patnugot MA. CECILIA C. IRANG
Disenyo/Layout ROWENA G. BUMANLAG
Manunulat ROWENA G. BUMANLAG, MA. CECILIA C. IRANG,
KHRIZIE EVERT M. PADRE, PAUL JOHN P. VILLAMOR,
CHRISSALYN L. MARCELO, CLARISSE BONDOC, SHEKINAH L.
PERIDAS, LEINEFE B. LIBRES
Tagapayo ARNEL N. DEL BARRIO

MGA NILALAMAN

Lakas-Juana

Elenita Quinacman • Herminia Mallari

#forever sa gatasang kalabaw

Zenaida Callo • Julieta Alfonso

Babae, sulong!

Leticia Ramos-Shahani • Rubina Cresencio
• Grace Cenas • Brigida Pili • Jocelyn Ramones •
Marie Cavosora • Lorna Mae Vero • Marivic Belena

Maki-wacky! sa babaing wagi

Annabelle Sarabia • Grace Marjorie Recta •
Gloria dela Cruz

Para sa tagumpay ng negosyanteng Pinay, kaway!

Progreso Women and Workers Multipurpose
Cooperative • Susie Ayson-Yabut

Ang Karbaw ay isang magasin na nilalathala ng Knowledge Management Division ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng Karbaw magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng paggagatatan sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa Karbaw magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.

NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: <http://www.pcc.gov.ph> • E-mail: pcc-oad@mozcom.com
MANILA LIAISON OFFICE 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com
REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09167528507, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMSU** 09283556029, pccdmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238, pccclsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 53 335-2648, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 33 320-2445, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** +63 34 735-0121, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09189194473, pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09391339815, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872, usm_pcc@yahoo.com

“Ang kababaihan na may sapat na kakayahan at edukasyon ay may positibong epekto sa kanilang mga pamilya at komunidad.”

“Hindi dapat minamaliit ang babae dahil mas marami pa siyang kayang gawin dahil sa tunay na pag-ibig kaysa sa lalake.”



Mensahe mula sa **Patnugot**

Isang malugod na pagbati sa mga masugid na tagasubaybay ng mga programa at babasahin ng Philippine Carabao Center.

Sa layon ng PCC na lalo pang maipakalat, maunawaan, at tangkilikin ng mas nakararami ang mga programa, teknolohiya, at iba pang gawain nito, amin pong inilulunsad ang isa sa pinakabago naming babasahin na pinangalanang “KarBaw”.

Ang KarBaw ay isang uri ng magasin na naglalarawan ng mga makabuluhan at napapanahong kasaysayan ng mga nagtagumpay sa pag-aalaga ng kalabaw o sa kabuhayang salig dito, ng mga kabalikat ng programang pagkakalabaw, at mga teknolohiya at pinagbuting gawain kaugnay nito.


Minarapat naming ilahad ang mga kasaysayang ito sa wikang Tagalog upang lalo pang maibahagi, maipakalat, maunawaan, at magsilbing giya at inspirasyon ito sa lahat ng sektor ng lipunan partikular sa lipon ng mga magsasaka-magkakalabaw sa kanayunan.

Magkakaroon ng apat na isyu sa loob ng isang taon ang KarBaw magasin at ito ay ipamamahagi ng PCC nang walang bayad sa madla. Bawat isyu ng magasin ay may susunding tema upang mabigyang diin at mapag-isa ang magkakaugnay na diwa at mensahe ng mga artikulo.

Sa isyung ito, ang tema ng mga artikulong nakapaloob ay may kinalaman sa piling mga kababaihan na may mahalagang papel o kontribusyon sa pagpapaunlad ng industriyang pagkakalabaw sa bansa.

Nawa’y marami kayong mapulot na bagong kamalayan at kaalaman mula sa mga kasaysayang aming isinulat at tinipon. Handog ng PCC ang babasahing ito sa inyong lahat!

Maraming salamat po at maligayang pagbabasa!



Hindi na bago ang mga kababaihang nakikipagsabayan sa mga kalalakihan pagdating sa iba't ibang larangan. Ang nakabibilib dito ay iyong mga babaing nakagagawa ng higit pa sa inaasahan.

Lakas- Juana

NINA MA. CECILIA C. IRANG AT PAUL JOHN P. VILLAMOR

“Sa negosyo ng paggagatasan, walang pinipiling edad at kasarian. Kaya naman hanggang ngayon ay nandito pa rin ako at tinatamasa ang mga pakinabang mula sa gawaing ito.”

Sinasambit ni Elenita G. Quinacman, 61, isang miyembrong *senior citizen* ng Nag-iisang Masikap Dairy Cooperative sa General Natividad, Nueva Ecija, ang

mga katagang ito sa tuwing tatanungin siya kung bakit nananatili siya sa gawaing pagsasaka at paggagatas sa kabila ng kanyang edad at pagiging babae. Ito rin, aniya, ang dahilan kung bakit mas pinili niyang hindi na ituloy pang maghanap ng trabahong angkop sa kanyang natapos na propesyon.

Si Elenita ay nakapagtapos ng kursong *Bachelor of Science*

in Commerce, major in finance. Siya ay dating nagtatrabaho sa isang *manufacturing company* ngunit may mga ilang pangyayari sa kumpanya ang nag-udyok sa kanya upang umalis dito. Hindi naglaon ay sumali siya sa isang kooperatiba noong 2009.

Taong 2011, napagpasiyahan na niyang makipagsapalaran sa paggagatasan nang mapagkalooban ng Philippine

“Ang pag-aalaga ng kalabaw ay parang ebersisyo na lang sa akin...kaya kong gawin kung anuman ang kayang gawin ng mga lalaki.”

Carabao Center (PCC)

ng *dairy cow module* ang kanilang kooperatiba. Siya ay napahiraman ng isang kalabaw at hindi nagtagal ay nadagdagan pa ito dahil tinanggap niya ang mga isinauling kalabaw ng ibang mga miyembro.

Si Aling Elenita, sapagkat lumaki sa bukid, ay sanay na sa paggagatas dahil ang kanyang ama ay nag-alaga rin ng *native* na kalabaw. Sinanay na siya ng kanyang ama noong nasa elementarya pa lang siya kung kaya't ang mga gawaing pambukid tulad ng pagtanim, pagtatabas, paggigiik, at pag-aani ay pamilyar nang lahat sa kanya. Hanggang sa siya ay tumungtong ng kolehiyo ay ginagampanan pa rin niya ang mga ganitong gawain na kadalasa'y ginagawa lang ng lalake.

Sa kabila ng kanyang edad, nagagampanan pa rin ni Elenita

ang mga gawain sa kanyang *dairy farm*. Ayon sa kanya, kung nagampanan niya ng maayos ang mga gawain sa bukid noon ay kaya rin niyang gawin ang mga mabibigat na trabaho sa paggagatas ngayon dahil hindi sumagi sa isip niya na ito ay mahirap bagkus ay iniisip niya na malaki ang pakinabang na makukuha niya mula sa gawaing ito. Sa katunayan, sinabi rin niya na ang araw-araw na gawain sa bukid ang nagbibigay sa kanya ng inspirasyon para manatiling malakas at maliksi.

Gumigising siya tuwing alas kwatro ng umaga para maghanda sa paggagatas. Magsisimula siya ng alas singko at karaniwa'y natatapos ng alas sais. Pagkatapos gumatas, aatupagin naman niya ang iba pang mga gawain tulad ng pagpapainom ng tubig at pagpapakain sa mga alagang kalabaw. Sa hapon naman ay abala siyang nagsasakate ng damong Napier bilang pakain sa mga alaga. Para kay Aling Elenita, hindi niya alintana ang mga mabibigat na trabaho hangga't masaya siya sa ginagawa niya.

Sa kasalukuyan, mayroon siyang 12 kalabaw, lima sa mga ito ay palahian at isa naman ang ginagatasan na nagbibigay ng lima hanggang anim na litro araw-araw. Naranasan din niyang gumatas ng tatlo hanggang apat na kalabaw noon kung saan kumuha siya ng isang katulong para asistehan siya.

Kahanga-hanga ang lakas

at liksing ipinamamalas ni Aling Elenita dahil sa kabila ng pagiging babae at *senior citizen* niya ay kaya pa niyang magmaneho ng *tricycle* para ihatid ang nakolekta niyang gatas sa *collection center* ng kanilang kooperatiba. Ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) naman ang bumibili ng kanilang mga aning gatas.

Ayon pa sa kanya, gabi-gabi siyang umiinom ng gatas ng kalabaw at naniniwala siyang ito ang kanyang sikreto sa kanyang kalusugan at kalakasan.

Sa pamamagitan ng kita niya mula sa paggagatas, nakapagpatayo siya ng bahay at naipaayos ang kulungan ng mga alagang kalabaw, nakapagpundar din siya ng *tricycle*, kolong-kolong, at motorsiklo.

“Ang pag-aalaga ng kalabaw ay talagang hindi madali lalo na kung ang inaalagaan mo ay 12 kalabaw. Pero para sa'kin, tinatrato at inaalagaan ko silang parang kapamilya. Kung kaya kong gawin, kaya rin ng iba. Kailangan lang ay matutunan ng mga magsasakang-maggagatas na mahalín ang trabaho nila para hindi ito maging mahirap at mabigat,” paliwanag ni Elenita.

Ibinahagi rin ni Elenita ang kanyang pasasalamat sa PCC:

“Nagpapasalamat ako sa PCC dahil kung hindi nila ipinagpatuloy ang pagsuporta at paghihikayat sa'kin ay baka hindi ko nasumpungan ang tagumpay sa paggagatas”.

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



“Nilakasan ko lang ang loob ko, pero alam ko na mahirap talaga kapag wala kang pinag-aralan. Kaya base sa karanasan ko, pagbubutihin namin dito sa koop para makapagpaabot ng tulong sa mga batang nais makapag-aral.”

Katulad ni Aling Elenita, si Herminia Mallari, 58, ay isa ring halimbawa ng babaing hindi nagpadaig sa hamon ng buhay.

Sa kabila ng kanyang kasalatan sa buhay at hindi pagtatapos ng pag-aaral, naniniwala si Ate Meng, karaniwang tawag sa kanya, na may aanihin din siyang kaginhawaan kalakip ng kanyang pirmis na sipag sa araw-araw.

Kaya't nang hikayatin siyang sumali sa isang kooperatibang nakasentro ang gawain sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, hindi siya nag-alinlangan. Baon ang tiyaga at pasensya na pinanday ng kanyang mga karanasang kung sa iba nangyari ay marahil sumuko na, naging aktibo siyang miyembro ng kooperatiba.

Mabilis niyang nakuha ang tiwala ng mga kasamahan sa koop hanggang siya ang maihalal na *chairperson* ng Kapitbahayan sa A. Mabini Producers Cooperative sa Llanera, Nueva Ecija,

isa ito sa 51 kooperatibang kabalikat ng Philippine Carabao Center (PCC) sa pagsusulong ng mga kabuhayang salig sa kalabaw sa Nueva Ecija.

Ngunit hindi naging madali para kay Ate Meng noong una. Sumubok ang koop nila sa pag-aalaga ng baboy bago yakapin ang programa ng PCC. Siya noon ang katuwang na tagapangulo nang may 50 pang miyembro nang mabigo sa kanilang pinasok na hanapbuhay. Tumagal sa dalawang taong pagkakahinto ang operasyon ng kooperatiba.

Nang makabalik ang grupo, niyakap nila ang pangako ng kabuhayang salig sa gatasang kalabaw. Naging doble ang pasensya at tiyaga ng samahan na nilahukan pa ng mga pagsasanay na isinagawa ng PCC.

“Kaya ko sinisipagang dumalo sa mga pagsasanay ng PCC ay para malinawan ang mga kasama ko na kailangan naming seryosohin ito,” ani Ate Meng.

Nakapagtayo na ang koop ng bagong *collection office* nito noong 2015 sa lupang kaloob ng Llanera at nakapagpundar na rin sila ng isang *hand tractor*.

Nakaabang na rin ang koop sa Php 3.5 milyong pondong galing sa lokal na pamahalaan ng Llanera sa pamamagitan ni Mayor Lorna Mae Vero.

“Gagamitin namin ang pondo para sa pagpapatayo ng pasalubong *center* para magkaroon ng karagdagang kita ang mga kananayang miyembro ng koop,” saad ni Ate Meng.

Para kay Ate Meng,

ang pagiging lider ay nangangailangan ng atensyon sa lahat ng sitwasyon, sa kahit saan, at ano mang oras.

Maswerte si Ate Meng, dahil ang kanyang kabiyak at mga anak, aniya, ay todo ang suporta sa kanyang tungkulin. Bilang nanay, nagagampanan na lang niya ang mga gawaing-bahay sa gabi. Ang kanyang asawa nama’y sa bahay na ang trabaho sa maghapon matapos na magawa ang lahat ng trabahong bukid at maisuga ang 13 nilang ginagatasang kalabaw.

Hinahangaan ang uri ng pamumuno ni Ate Meng ng iba pang mga koop sa Llanera. Dahil dito’y iniluklok siya bilang pangkalahatang tagapangulo. Sapul nang mag-umpisa siya sa tungkulin ay iniangat niya ang kapasidad ng mga kooperatibang palakihin at pamahalaan ng wasto ang kanilang kita sa *vermicomposting* at paggawa ng *Urea-treated Rice Straw (UTRS)*, isang uri ng pakain para sa kalabaw.

Ang dating nakadepende lamang sa pagbubukid ay tinitingala na ngayon ng mga kapwa niya magsasakang-maggagatas dahil sa natatangi niyang kakayahan.

“Sobrang sayang magkaroon ng pamilyang suportado ka. ‘Yong mga anak ko ay kasa-kasama ko na rin sa paggagatas ng kalabaw dahil alam nilang ito ang dahilan kung bakit nakaahon kami sa kahirapan,” ani Ate Meng.

“Ibinabalik ko lang ng dobleng gawa ang mga biyayang hatid sa akin at sa pamilya ko ng

koop,” dagdag pa niya.

Aniya, wala siyang sikreto sa kanyang kahanga-hangang pamumuno kundi ang makinig at makiramdam.

Pinatunayan ito ni Henry dela Cruz, isa sa 23 aktibong miyembro ng koop na sinabing sinisiguro ni Ate Meng na bago ito magbaba ng desisyon ay kailangan naidulog muna sa lahat ng miyembro at narinig ang komento ng bawat kasapi.

“Pinakikinggan niya ang mga komento at suhestyon namin. Dahilan niya, pare-pareho namang gusto namin ng pag-unlad kaya hindi siya nawawalan ng pasensyang pakinggan kami,” ani dela Cruz.

Bukod sa inaasahang pagtatayo ng pasalubong *center*, kasama na sa plano ni Ate Meng na magbigay ng *scholarship* para sa mga anak ng kasapi na nasa elementarya at hayskul.

Ani Ate Meng, makakaya nilang magbigay ng *scholarship* dahil madadagdagan naman ang kita nila mula sa gatas, *vermicompost* at *UTRS*.


Sa katulad niyang ‘di nakatapos ng pag-aaral ngunit nagpursige upang magkaroon ng maginhawang buhay, batid niyang edukasyon ang sagot sa magandang kinabukasan.

“Mahalaga ang edukasyon. Nilakasan ko lang ang loob ko, pero alam ko na mahirap talaga kapag wala kang pinag-aralan. Kaya base sa karanasan ko, pagbutihin namin dito sa koop para makapagpaabot talaga kami ng tulong sa mga batang nais makapag-aral,” wika ni Ate Meng.

#Forever sa gatasang kalabaw

NINA MA. CECILIA C. IRANG
AT PAUL JOHN P. VILLAMOR

“Forever” kung tawagin ng mga kabataan ang relasyong kinakikitaang magtatagal panghabambuhay, kung saan mahirap anilang makamit ito sa kasalukuyang panahon. Ngunit, mayroong dalawang istorya ng magkabiyaq na nananatiling matatag dahil sa pagtutulungan na magpamalas ng natatanging dedikasyon sa paggagatas ng kalabaw.



Patotoo ng “hashtag forever” ang mag-asawang Callo na nagsasabing kaya nilang lagpasan ang anumang hamon at balakid sa buhay hangga’t magkasama silang dalawa.

Si Zenaida K. Callo, 56, asawa ni *chairman* Leoncio Callo ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative sa barangay Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija, ay isang patunay na kahit anong suliranin ang dumating sa kanila ay hindi maglulubay ang suporta nila sa isa’t-isa.

Mahigit tatlong dekada nang kasal sina Zenaida at Leoncio at mayroon silang apat na anak; dalawa rito ay nakapagtapos na ng kolehiyo sa pamamagitan ng kita na nakukuha nila mula sa paggagatas. Ang mga gawain sa bukid at paggagatas ay hindi nila alintana sapagka’t natagpuan nila ang maaasahang katuwang sa isa’t-isa.

“Gumigising kami ng alas singko ng umaga para gatasan ‘yong mga kalabaw. Pagkatapos, pupunta na ‘yong asawa ko sa kooperatiba. Gagawin ko naman sa hapon ‘yong mga maiwan na gawain katulad ng pagpapakain ng mga kalabaw, pagtitimbang ng gatas at iba pang mga gawain sa bahay. Habang nasa kooperatiba ang asawa ko, ako na ang gumagawa ng iba pang gawain sa bukid, ayos lang sa’kin dahil alam ko abala rin siyang ginagampanan ang mga tungkulin niya bilang *chairman* sa kooperatiba. Masaya lang talaga ako na makatulong sa kanya,” ani Zenaida.

Para kay Zenaida, hindi mahirap ang gawaing bukid basta ginagawa niya ito

ng bukal sa puso at iniisip ang kapakanan ng kanyang pamilya. Sa katunayan, ang pagtatrabaho, aniya, ay parang ehersisyo na lang sa kanya na kapag hindi niya ito ginagawa ay para siyang magkakasakit.

Sa kasalukuyan, ang mag-asawa ay mayroong 15 kalabaw, apat sa mga ito ang kanilang ginagatasan. Ayon kay Zenaida, hindi na bago sa kanya ang pag-aalaga ng kalabaw dahil naranasan na niyang mag-alaga ng kalabaw noong siya ay bata pa kasama ang kanyang ama. Ito rin ang dahilan kung bakit pamilyar na siya sa paggagatas.

Naranasan din ni Zenaida na magtrabaho sa isang *garment factory* bago niya pinakasalan si Leoncio. Nagkaroon din sila ng sibuyasan noon bago nila mapagdesisyunan na magtuon na lamang sa pag-aalaga ng kalabaw at paggagatas. Ayon sa kanya, hindi nila pinagsisisihang magbakasali sa paggagatas dahil sa dami ng kita na kanilang tinatamasa ngayon.

May mga pagkakataon din, aniya, na nag-aaway silang mag-asawa dahil walang permanenteng trabaho si Leoncio noon na naging dahilan ng pagkakaroon nila ng maraming utang. Ngunit simula nang pumasok sila sa paggagatas ay hindi na nila naging problema pa ang pera.

Dahil sa kita sa paggagatas, napag-aral nila ang kanilang mga anak, napaayos ang kanilang bahay at kulungan ng mga hayop, at nakapagpundar ng sasakyan, traktora at lupa. Hindi lamang nila natutugunan ang kanilang pang araw-araw

“Sinabi niya sa’kin na malaking tulong nga raw ako sa kanya. Napagagaan ko ang mga trabaho niya at pakiramdam niya ay kulang siya kapag wala ako sa tabi niya,” ani Zenaida.

na gastusin kundi maging ang mga gastos na hindi inaasahan ay hindi na nila pinoproblema pa kung saan kukunin ang pambayad.

Maliban sa mga gawaing pambukid at paggagatas, si Zenaida rin ang bahala sa pagbabadyet at pamamahala ng talaan ng benta nila ng gatas.

Higit sa pagganap niya ng kanyang mga tungkulin sa bukid at paggagatas, sinabi ni Zenaida na ang kanyang pinakamalaking gampanin sa negosyong paggagatasan ay intindihin at unawain ang kanyang asawa sa pagiging abala nito sa iba pang mga responsibilidad.

Ayon sa kanya, nararamdaman naman niyang pinahahalagahan ng asawa ang kanyang naiaambag sa negosyo. “Dahil bihira na kaming lumabas na dalawa, mas nabibigyan ko ng halaga ‘yong oras na magkasama kami. Lagi ko siyang ipinagmamalaki at masaya ako sa mga nakakamit niya,” dagdag na sabi ni Zenaida.

Para naman kay Julieta Alfonso, ang kanyang asawang si Carlito ang siyang pumapawi sa kanyang mga pangamba habang ipinagpapatuloy ang gawaing nagpaangat sa antas ng kanilang pamumuhay.

Magsasakang-maggagatas na nakatanggap ng kabibilang pagkilala ang asawa ni Julieta. Ang dating tagapangulong si Carlito ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) ay nahirang na "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" ng Philippine Carabao Center (PCC) mula 2009-2012.

Nang tamaan ng sakit sa bato si Carlito, nauwi lahat kay Julieta ang gampaning naiwan ng kanyang asawa sa kanilang hanapbuhay at sa kooperatiba. Sa halip na mag-alinlangan ang dating simpleng maybahay, ang malaking responsibilidad na kailangan niyang tayuan ay itinuring niyang paraan na lubos na makapagpapasaya sa kanyang pamilya.

Nagsimulang magka-interes si Carlito sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw noong 2007, taon ding sinabi ni Julieta sa kanyang sarili na hindi lamang pagsuporta ang ibibigay niya, kundi aaralin din niya ang mga gawaing nakapaloob sa ginustong hanapbuhay ng asawa upang makaagapay siya ng husto.

Sa pagpapatuloy ni Julieta, at dahil sa walang humpay ring suportang nagmumula sa PCC ay umabot na sa 56 na gatasang kalabaw ang inaalagaan ngayon ng pamilya Alfonso.

Bukod sa kaginhawaan at biyayang dulot ng pag-aalaga ng kalabaw, umani rin ng maganda ang mag-asawang Alfonso sa pagtanim ng palay at sibuyas.

Si Carlito na binansagan ng kanyang asawa na



mahigpit pagdating sa kung saan gagamitin ang pera ay katangiang pinakinabangan ng buong pamilya.

“Istriкто talaga ang asawa ko pero maiintindihan mo lagi ang dahilan niya. Heto nga kami ngayon, dahil sa pagpapahalaga niya sa mga pinaghirapan namin noon ay tinatamasa na namin ang magandang pamumuhay,” magiliw pang pagkukwento ni Julieta.

Sadyang minahal ng pamilya Alfonso ang mga alagang gatasang kalabaw. Hindi nag-iisa sa pagtataguyod ng hanapbuhay si Julieta sapagka't katuwang na niya ang mga nakatapos na anak.

Si Herson, panganay sa tatlong magkakapatid, ay aktibong miyembro ng EPMPC at isa sa may pinakamaraming aning gatas sa kooperatiba gaya ng kanyang ama.

Sa 56 na inaalagaang kalabaw, 17 ang nakukuhanan ni Herson ng gatas, na kada isa ay hindi bumababa sa anim na litro ang naipoprodyus bawat araw.

Nakagawian na ng pamilya ang paggising ng alas-kwarto ng umaga, o bago pa man pumutok ang araw ay nag-uumpisa na dapat silang maggatas ng mga kalabaw. Pagsapit ng alas sa is ng umaga ay nakarating na sa EPMPC ang inaning gatas ng mga Alfonso.

“Sanay na ang katawan namin sa paggising ng maaga. Masigasig ang asawa ko noon at hindi pumapalya na bago mag-alas kwatro ay nasa kulungan na ng mga kalabaw,” saad ni Julieta habang inaalala ang pagsusumikap ng asawa.

Bukod sa paggagatas ng kalabaw ay kumikita rin ng malaki ang pamilya Alfonso sa pagba-“buy and sell” ng palay.

Para kay Julieta, ginagawa lamang niya ang lahat para sa kanyang pamilya, gaya sa kung paanong si Carlito ay nanindigan para maramdaman nila ang kasaganaan.

Sa likod ng tagumpay ng isang lalake ay isang babae—ito ay naglalarawan na mahalaga ang gampanin ng isang babae sa tagumpay na nakakamit ng isang lalake. Pinatunayan ito ni Julieta ngunit ngayon ay hindi lang siya sa likod ni Carlito kundi maaasahang kaagapay.

“Simula noong tanggapin ko siya sa buhay ko, magkaisa na kami sa lahat ng bagay at 'yong pangarap namin ay iisa. Siya ang nag-iisa kong inspirasyon sa kung ano mang napatunayan ko na at kakayanin ko pang patunayan sa mga hamon sa buhay namin mag-asawa,” ani Julieta.





Babae, *Sulong!*

Natatanging kwento ng mga tagapag-
sulong ng industriya ng paggagatasan

NINA ROWENA G. BUMANLAG, MA. CECILIA C. IRANG, KHRIZIE EVERT
M. PADRE, CHRISALYN L. MARCELO AT PAUL JOHN P. VILLAMOR

Hindi matatawaran ang kahusayan ng isang babae pagdating sa trabaho o sa kahit ano pa mang larangan. Tiyak ito basta't mabigyan sila ng pagkakataon na mapatunayan ang kanilang sarili sa lipunan.

Sa industriya ng paggagatasan, halimbawa, ang mga babae ngayo'y napatunayan nang may magagawa para mapa-unlad ang bansa sa pamamagitan ng dedikasyon, sipag at tiyaga.

Kahit ang sakit na kanser ay hindi kayang igupo ang tatas ng kaniyang isip at sigasig ng kaniyang damdamin para isulong ang kapakanan ng maliliit na magsasaka.

Sa industriya ng mga magsasaka-magkakalabaw-maggagatas, halimbawa, lakas-kababaihan ang pinaiiral ng dating senador Leticia Ramos-Shahani. Kung kaya't hindi nga maikakailang ehemplo siyang tunay sa larangang ito.

Bakit hindi, samantalang buong lakas ang ibinigay ng dating senador upang maisulong ang programa ng PCC ukol sa pagpapaunlad ng lahi ng gatasang kalabaw.

Ito'y sa kabila ng pisikal na pagsubok na dulot ng kanyang karamdaman na kasalukuyang nilulunas ng medisina. Ngunit sa kabila ng sakit at sa edad na 86, hindi mababakas ang pisikal na panghihina ng dating senadora; ni ang kaniyang boses ay hindi kauulinigan ng kahapisan. Sa kanyang pagpapa-unlak sa panayam ng KARBAW, bakas pa rin ang tikas ng kanyang tindig bilang isang diplomat at mambabatas at kapansin-pansin pa rin ang talas ng kanyang isip at pananalita.

Kung susumain mo ang kanyang kakayahan, daig pa marahil ni Senator Shahani ang isang lalake sa kanyang ibayong pagsusulong ng programa. Hindi lang siya tagapag-sulong kundi siya mismo ay sumubok sa gawaing salig sa gatasang kalabaw.

Tinulungang mapalaganap ni Senator Shahani ang "25-dairy

cow module" ng PCC noong 1997 nang pangunahan nitong maitatag ang isang kooperatiba ng mga magsasaka-maggagatas sa Tulong, Urdaneta. Naging batayan ito ng programang pagpapahiram ng gatasang kalabaw simula noon.

Pinalaki ang senadora sa isang pamilyang may pagpapahalaga sa trabaho at napag-aralan niyang mabuti kung paanong mapananatiling tuluy-tuloy ang kita sa pagbubukid.

Bagaman isang *cancer patient*, hindi alintana ni Senator Shahani ang lakas na patuloy na ibinubuhos sa kanyang sariling *dairy farm* sa Urdaneta.

Lalong naging tutok ang senadora sa kanyang anim na ektaryang *dairy farm* simula nang matapos niya ang termino sa Senado.

"Bilang miyembro ng Senate Committee on Agriculture noon, naging interesado ako sa kabuhayang ito dahil alam ko na maraming magsasaka ang maaaring matulungan ng programa.," ani Senator Shahani.

Mismong ang Senadora ay pinasok din ang pagbebenta ng *pasteurized* na gatas ng kalabaw. Ito aniya ay para maipakita sa *high-end consumers* na may ganitong uri ng produkto—malinis at sariwa—na kaya ring i-prodyus ng maliliit na magsasaka.

Sa ganang kanya, nais lang ipakita ng dating senadora na makararating ang de-kalidad na produkto gaya ng "Shahani's Gatas ng Kalabaw" sa mga de-kalibreng komunidad katulad ng

Bel-Air Village at Legazpi Village sa lungsod ng Makati.

Bilang tagapagtaguyod ng mga karapatan ng kababaihan sa Senado at maging sa United Nations, naniniwala si Senator Shahani na ang babae ay may natural na angking katalinuhan at kung siya ay hindi mabibiktima ng diskriminasyon ay maaaring mabigyan ng oportunidad na umunlad sa kanyang napiling kabuhayan.

"Magkakaroon ng lubos na lakas-kababaihan kung may sapat na teknolohiya at *resources* na maaaring magamit ang kababaihan sa kanilang hanapbuhay. Malibang mabigyan sila ng pagkakataon na magkaroon ng karapatan sa maayos at kaaya-ayang kapaligiran ng paggawa, hindi nila mailalabas ang kanilang natatanging potensyal," dagdag pa ni Senator Shahani.

Si Senator Leticia Ramos-Shahani ay nakababatang kapatid ni dating Pangulong Fidel Ramos. Isa siya sa dalawang lang na babaing naluklok sa Senado sa panahon ni Pangulong Cory Aquino noong 1987.

Bilang mambabatas, kabilang sa mga masigasig na isinulong ng Senadora ang karapatan ng mga manggagawa, kababaihan, kabataan, at magsasaka. Pangunahing panukala niya ang RA 6725 o "Strengthening the Prohibition of Discrimination Against Women in the Workplace, Amending the Labor Code of the Philippines" na 'di naglaon ay naisabatas. Maigting

Maki- *wacky!* sa **babaing** **wagi**



NINA ROWENA G. BUMANLAG, CLARISSE BONDOC AT SHEKINAH PERIDAS

Kasigasigan, dedikasyon, tapang at malasakit ang bumubuo sa karakter ng mga kababaihan sa hanay ng mga manggagawa sa PCC.

Sina Dr. Annabelle Sarabia, Grace Marjorie Recta, at Gloria dela Cruz ay ilan lamang sa mga nagpapaningning sa katuparan ng *Carabao Development Program* sa buhay ng mga magsasaka at kanilang mga pamilya at komunidad.

“Tapang at malasakit” ang matatandaang pinasikat na *campaign slogan* ng ating bagong Pangulong Rodrigo Duterte noong siya’y nasa kainitan ng kampanya.

Nais lang ipaabot ng *slogan* na sa kabila ng kanyang pusong mapagmahal bilang isang lider ay may tamang katapangan din para gawin ang nararapat para sa kabutihan ng buong bansa at sambayanang Pilipino.

Ganyang-ganyan si Dr. Annabelle Sarabia o “Doc Belle” sa karamihan. Kilalang may malaking puso ngunit may katapangan sa harap ng mga isyung dapat kagyat na desisyon.

Ayon sa kanya, ang isang *empowered woman* ay isang babaing matapang at kayang harapin ang ano mang pagsubok.

Hulyo 1982, nagsimula bilang *science research specialist* si Doc Belle kung saan siya ay naging katuwang sa maraming pananaliksik patungkol sa kalabaw na nakapaloob sa “Strengthening the Philippine Carabao Research and Development Center” o PCRDC na proyekto sa UPLB. Siya ang isa sa mga nanguna sa pananaliksik noong panahon na kung saan si Dr. Vicente Momongan ang namumuno sa nasabing proyekto.

Si Doc Belle ay naglingkod din bilang *consultant* para sa *Tamaraw Conservation Program* at pinangunahan din niya ang marami pang pananaliksik sa *carabao reproduction*. Naging *center director* siya ng Philippine Carabao Center (PCC)

at West Visayas State University (WVSU) na kung saan kanyang naipano, inorganisa at pinadali ang pagtataguyod ng *carabao development program (CDP)* sa Region 6 na may sangay hanggang sa Isla ng Panay at Guimaras bago naging ganap na *Chief of the Operations Group* sa pamamahala ng opisina ng *Executive Director* sa PCC.

Lumaki si Doc Belle ng hindi kapiling ang kanyang mga magulang at mga kapatid. Pinalaki siya ng kanyang lolo at lola na naging dahilan upang siya ay matuto at mamuhay nang hindi nakadepende sa kahit sino man kundi sa kanyang sariling kakayahan.

Bilang *Chief of Operations*, nagpapamalas ng katatagan si Doc Belle sa lupon ng 13 *center directors* sa PCC *network* na karamihan ay pawang mga lalake. Dahil sa kanyang integridad at angking kakayahan, kayang-kayang gampanan ni Doc Belle ang isang hindi birong tungkulin na pangunahan ang mga gawain patungkol sa programa ng PCC sa iba’t iba nitong istasyon sa buong bansa.

“Sanay na ‘kong makihalubilo sa mga lalake dahil sa kinalakihan ko at hindi na ‘yon mahirap para sa’kin,” paliwanag niya.

Dagdag pa niya, ang pagiging mag-isa sa kabila ng edad na 60 ay itunuturing niyang pansariling kapasyahan. Pero para sa kanya, ang tunay na kahulugan ng katapangan ay ang pagtanggap sa iyong kahinaan at hindi pagsuko sa bawat pagsubok ng buhay.

Ayon pa kay Doc Belle, ang kaligayahan ng isang babae ay hindi lang sa pera o sa mga materyal na gamit makukuha. Para sa kanya, kaligayahan ang maibahagi ang kanyang kaalaman at kahusayan sa ibang tao. Ang payo niya sa mga kababaihan ay ang pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili at katapangang harapin ang lahat ng naka-ambang pagsubok. Dapat, aniya, na maging determinado upang malampasan ang mga problema at huwag padadaig o panghihinaan ng loob.

Katulad ng kanyang pangalan, masasabi ngang isang pagpapala si Grace sa kanyang nasumpungang karera bilang lingkod-bayan.

Si Grace Marjorie Recta, 58, ang kauna-unahang babaing *center director* sa PCC *network*. Siya ang pinunong tagapagpaganap sa PCC at Mariano Marcos State University (PCC-MMSU) na nakabase sa Batac, Ilocos Norte.

“Pwedeng piliin ko na lang sana na maging simpleng maybahay na lang na ang tanging kasiyahan ay magampanan ang iba’t ibang gawaing bahay para sa pamilya. Pero batid ko na sadyang inilagay ako ng Panginoon sa posisyon ko ngayon para sa isang magandang dahilan,” pahayag ni Director Recta.


Ang dahilan na iyan, aniya, ay ang pangunahan ang *Carabao Development Program* sa Region I (Ilocos Norte at Sur) at

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**




“Dapat matuto tayo sa ating mga kamalian at kung magkamali man tayo ay tumayo tayo agad at gawing inspirasyon ang pinagdaanang pagsubok upang sa susunod ay mas magiging matatag tayo at mas matalinong haaharap sa susunod na hamon.”

Doc Belle



Manang Grace

“Bilang babaing lider, ipinakikita ko sa aking nasasakupan na mabilis tayong magpasya ngunit matatag, maingat, at kalkulado.”



“Hindi dapat minamaliit ang babae dahil mas marami pa siyang kayang gawin dahil sa tunay na pag-ibig kaysa sa lalake.”

Manang Glo

CAR (Abra).

“Malaking responsibilidad ang maging *center director*. Pananagutan mo ang anumang kahihinatnan ng mga programang hawak mo. Kaya naman sinisiguro ko ang pananagutan ko sa lahat ng aming mga kilos. Ang isip ko’y ganito: dapat wala akong ibang kakumpetensya kundi ang sarili ko mismo. Dapat malampasan ko o mahigitan pa ang nakaraan kong *performance*. Para magawa ko ito, masigasig ang aking pagtatrabaho at hinihimok ko rin ang aking mga kasama sa trabaho, na may iba’t ibang personalidad, na ibigay din nila ang pinakamaganda sa lahat ng kanilang gagawin,” paliwanag ni Director Recta.

Dahil din marahil sa kanyang magandang pakikitungo sa kanyang mga tao kung kaya’t mas kilala siya sa tawag na Manang (Ate) Grace sa PCC.

Ayon kay Manang Grace, hindi naman daw hadlang sa pamumuno ang kanyang pagiging babae.

“Hindi ko naman nararamdamang dapat akong matakot na ang mga kahalubilo ko ay pawang mga kalalakihan. Karamihan sa kanila ay mga naging estudyante ko noon kung kaya’t madali lang silang katrabaho. Gayundin’yong mga nakakasalamuha namin sa *extension work*. Hindi rin problema ang pangmamaliit sa mga kababaihan” aniya.

“Ang mahalaga sa mga tao ay kung makatutulong ang

dala-dala nating impormasyon para sa kanila,” Dagdag pa ni Manang Grace.

Wala rin daw siyang maalalang pagkakataon na naramdaman niya ang pangmamaliit sa kanyang kakayahan bilang babae sa kanyang trabaho.

“Nagpapasalamat ako sa aking mentor na si Dr. Zosimo Battad dahil inihanda niya ako ng maige sa posisyong ito. Noong siya pa lamang ang *center director* dito, sinisiguro niyang lagi akong kasama sa mga pagpupulong hanggang sa makagamayan ko na ang trabaho maging ang pakikitungo sa iba pang mga *center directors* na pawang mga lalake,” kwento ni Manang Grace.

Naniniwala rin siya na pinakamainam na isang babae ang maging tagapagtaguyod ng programang *carabao-based dairy development*.

“Bilang tagapangasiwa sa *budget* ng tahanan, mainam din na mahimuking magnegosyo sa gatas ang mga nanay bilang pandagdag panustos sa mga pangangailangan ng pamilya,” ani Manang Grace.

Ayon pa sa kanya, hinihimok din nila ang mga kababaihan na bumuo ng samahang salig sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw. Suhestiyon niyang ang mga kababaihan ay dapat na magsama-samang magtayo ng kahit na munting planta kung saan maaaring magawa ang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

Kung mangyayari ito,

aniya, mabilis na yayabong ang tinatanaw ng PCC na *dairy industry* sa mga kanayunan.

Ngunit hangga’t maaari, mag-asawa ang inaanyayahan ng PCC na dumalo sa mga gayong katulad na pagpupulong upang mapagdesisyunan ng mag-asawa ang kanilang pasya sa pagsali sa programa.

Simula nang maitalagang *center director* si Manang Grace sa PCC-MMSU noong 1996, hindi na nagmaliw ang masigasig na pagiging ina niya hindi lang sa kanyang mga tao kundi maging sa mga kabalikat ng PCC sa programa.

Patunay dito ang kanyang hindi mababaling paniniwala sa programa ng PCC na ito’y lubos na makatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga magsasaka-maggagatas, kanilang mga pamilya at kabuuang komunidad.

“Darating ang panahong wala nang mga *malnourished* na bata kundi matatalinong mga bata! Nakikita ko rin ang panahong ang tunay na lakas-kababaihan ay makikita sa mga ina ng mga tahanang maggagatas na pinakikinabangan ang pagkakaroon ng kalabaw na mestisa o *crossbred*,” madamdaming pahayag ni Manang Grace.

Saksi ang kanyang mga natulungan sa programa, kasama ang buong pwersa ng PCC-MMSU, na tunay ngang pinagpala ang Ilocandia at Abra dahil mayroon silang “Grace” mula sa Poong Maykapal.

Babae, sulong!

MULA SA PAHINA 13

din niyang isinulong ang RA 8353 (*redefining of the crime of rape*) at RA 8505 (*assistance to rape victims and their families*).

Noong 1994, pinaumpisahan niya ang paglalaan ng 5 porsyentong *budget* para sa *gender and development (GAD)* sa bawat departamento at ahensya ng gobyerno. Isa sa naging pinakamataas niyang katungkulan ang maupo sa *United Nations Secretariat* na tumitingin sa mga isyung pangkababaihan. 'Di naglao'y naging *head* siya ng *United Nations Commission on the Status of Women*.

Dahil sa kanyang natatanging kontribusyon sa pagsusulong ng kapakanan ng mga kababaihan, kinilala siya noong nakaraang taon ng House of Representatives at Committee on Women and Gender Equality of the Philippines sa kanyang paghubog sa lakas kababaihan sa pamamagitan ng isang pambansang resolusyon.

Kung kahalagahan lang ng gampanin ng mga kababaihan sa industriya ang pag-uusapan, si Dr. Rubina "Bing" Cresencio, acting director ng Bureau of Animal Industry (BAI), ang isa sa mga babaing lingkod-bayan na nagsusulong sa adhikaing makilala ang taglay na husay at galing ng mga kababaihan saan mang larangan sila mapabilang.

"Ang mga babae, kahit anong trabaho kaya nila, kahit mahirap kakayanin nila. Bakit?



Ang industriya ng paggagatas ay naiintindihan ng mga babae. Kung minsan, kakatayin na lang ng magsasaka ang hayop kasi ayaw magbuntis. Iyon pala naman ay lumipas na ang panahong dapat itong pasemilyahan o pabulugan. Ang mga sikulong ito ng isang babaing hayop, katulad ng panahon ng paglalandi, ay dapat na naiintindihan ng lalaking magsasaka.

[Leticia Ramos-Shahani]



Dahil ang laging nasa isip nila ay ang pamilya nila. Ganyan naman ang mga nanay, wala silang hindi kayang gawin basta sa ikabubuti ng pamilya nila. Ginagawa nila ang mga trabaho nila ng may puso at pagmamahal," nakangiting sambit ni Dr. Cresencio.

Si Dr. Cresencio o mas kilala bilang "Doc Bing", ay isa sa mga babaing masigasig na nagtataguyod ng industriya ng paghahayupan mula pa noong 1995 nang magsimula siyang magtrabaho sa Philippine Carabao Center (PCC)

bilang hepe ng Information and Training Division (ITD). Siya ay naging bahagi sa pagbabalangkas ng misyon at bisyon ng ahensiya.

Siya rin ang kauna-unahang babae sa likod ng *ISO certification* ng PCC bilang *Management Representative*. Masugid niyang tinanggap ang hamon na ito para maging ganap na *ISO-certified* ang institusyon.

Maliban sa mga naging kontribusyon niya sa ahensiya, isa rin si Doc Bing sa mga nag-organisa ng kauna-unahang *dairy cooperative* para sa mga kababaihan, ang Angat Buhay Producers Dairy Cooperative, dahil naniniwala siya, aniya, na mapakikinabangan ang taglay na husay at galing ng mga kababaihan tungo sa pag-unlad ng industriya ng paggagatasan.

"Dati akong *Gender and Development focal person*. Inorganisa namin 'yong *women's cooperative* dahil gusto naming sila mismo ang magtutulungan. Noong tinitingnan ko nga 'yong grupo ng mga kababaihan, masayang masaya sila at ganoon din 'yong galak na naramdaman ko. Isang miyembro ang lumapit sa'kin, at masayang nagkwento kung paano nila pinaghahati-hatian 'yong mga trabaho sa paggagatas. Alam ko naging maayos naman 'yong grupo nila hanggang ngayon at masasabi ko talagang mahalaga ang gampanin ng mga kababaihan sa industriyang ito," paliwanag niya.

Aniya pa, malaki ang kontribusyon ng mga



“Napalalakas natin ang mga kababaihan kapag nabibigyan sila ng oportunidad na makalahok sa programa, hindi ‘yong nasa apat na sulok lang sila ng bahay nila.” [Dr. Rubina Cresencio]

kababaihan lalo na sa pangongolekta, pagpoproseso, *packaging* at pagbebenta ng gatas. Maging sa paghahanda ng mga kakailanganing materyales sa paggagatas at pangongolekta ay makatutulong din sila.

Bilang babaing lider ng BAI, ani Doc Bing hindi naman daw siya nakatanggap ng anumang pintas at pangmamaliit nang dahil sa kasarian niya.

“Ginampanan ko ang trabaho ko, gaya ng pagtatrabaho siyempre ng isang babae—may puso. Hindi lang basta kailangang magaling at mahusay ka dapat din ay bukal sa puso mo ang maglingkod sa bayan,” wika niya.

“Sadya talagang mainam ang pagkakaroon ng isang babaing lider dahil sya ay maihahalintulad sa isang ilaw ng tahanan o isang ina na syang nag-iintindi sa lahat ng bagay. Ganiyan din ang magiging pamamalakad niya sa kaniyang opisina dahil ito ay ituturing niyang kanyang pangalawang pamilya.”

Ito ang mga katagang binitawan ng ngayo’y pinuno ng National Dairy Authority

(NDA) na si *Administrator* Grace J. Cenas. Isa siya sa mga kinikilalang babaing lider na nagtataguyod sa industriya ng paggagatas.

Ayon sa kanya, isang malaking hamon ang mapaunlad ang industriya ng paggagatas at isa ito sa mga



“Ang kababaihan na may sapat na kakayahan at edukasyon ay may positibong epekto sa kanilang mga pamilya at komunidad. Kung kaya’t dapat magkaroon ng representasyon ang kababaihan sa ating lipunan.” [Grace Cenas]

naging dahilan upang tanggapin niya ang nasabing posisyon.

Bilang isang *economist by profession*, nakita niya ang mahalagang papel ng pribadong sektor sa higit na pag-unlad ng industriya ng paggagatas at isa ito sa pinagtuunan niya ng pansin sa kanyang pamumuno.

“Nang pasimulan namin ang mga pagbabago sa ahensya, nakita ko ang kahalagahan ng paghikayat sa pribadong sektor

na maging bahagi sa pag-unlad ng industriya ng paggagatas dahil sila ay may kakayahan sa kapital at lupa,” ani Cenas.

Sa kanyang pamumuno ay naisakatuparan ang pagkakaroon ng *dairy multiplier farm*.

“Naging matagumpay kami sa pagsasagawa nito. Nagawa namin silang hikayating magnegosyo sa gatasan. Dito namin sinimulan ang pagkakaroon ng mga *dairy multiplier farms* at pagsasagawa ng sarili naming bersyon ng *Public-Private Partnership (PPP)*. Pinangunahan namin ang pagkakaroon nila ng mga gatang baka. Kabilang sa kasunduan ay ang paglalaan nila ng sapat na pagkain, pagtatayo ng kinakailangang pasilidad at pagkakaroon ng

mga makinarya” wika niya.

Ang pamumuno, ayon sa kanya, ay ang kakayahang maiangat ang personal na kapasidad at kompetensya ng kanyang pinamamahalaan at dapat ay may kaakibat na lakas at karakter ng lider upang mangyari ito.

“Dapat may malinaw kang *vision* para sa iyong

organisasyon; alam mo kung saan mo sila dadalhin at siguraduhin na kasama mo sila sa pagsasagawa nito at naiintidihan nila kung saan ka patungo. Dapat maging matiyaga kang instrumento sa pagpapa-unlad ng kanilang mga kakayahan,” aniya.

Ayon pa sa kanya, hindi naging mahirap ang makisalamuha at makisama sa iba dahil na rin sa kinalakhan niyang pamilya.

“Hindi naging problema sa akin ang makisama sa kalalakihan dahil ako lang ang nag-iisang babae sa aming pamilya. Hanggang sa paglaki ko, lagi ko silang nakakasalamuha,” dagdag niya.

Para sa kanya, mahalaga ang pagkakaroon ng *gender participation* sa mga proyekto at programang isinasagawa ng ahensya ukol sa paggagatasan.

“Sa tulong ng edukasyon, pagtuturo at pagsangguni sa desisyon ng mga kababaihan patungkol sa kanilang mga kabuhayan ay mas naipakikita natin ang kahalagahan nila at pagkakaroon ng *gender equality*,” ani Cenas.

Bilang isang babae, ayon kay Brigida Pili, hindi naging madali sa kanya noon ang pagtatrabaho sa gobyerno kasabay ng pagbuo ng pamilya.

Aniya, noong mga bata pa ang tatlo niyang anak na ngayon ay malalaki na, naaalala niyang halos hindi siya makilala ng mga ito bilang ina dahil sa mas malaking oras na inilalaan niya

sa kaniyang trabaho.

Bagama’t ganoon ang naging sitwasyon niya noong una, kinaya niya ang mga ito. Aniya, alam niyang wala naman talagang hindi kakayanin at isasakripisyo ang isang ina para sa kanyang asawa at mga anak. Ipinaliwanag niya sa mga anak na nagsisikap siya sa trabaho para sa kanila.

Kaya



“Kailangan lang makita ng mga kababaihan kung ano ‘yong pwede at kaya nilang gawin para mapalago ang kanilang negosyo at magamit ito sa iba pang larangan.”
[Brigida Pili]

nga kahit na hindi niya madalas nakakasama ang mga ito noon, sinisiguro naman niya ang kaniyang presensya sa mga importanteng okasyon sa buhay ng mga ito katulad ng mga *birthdays* at *graduation*.

Inintindi at sinuportahan naman siya ng kanyang pamilya sa huli kung kaya’t naging masigasig pa rin ang kanyang pagseserbisyo-publiko. Hindi nagtagal, dahil sa kanyang husay, galing at sipag, unti-unting tumaas ang kanyang posisyon mula sa pagiging *development specialist* noong 1987 hanggang sa maging *provincial trade and industry officer* o *provincial director* siya ng DTI noong 2005 hanggang sa kasalukuyan.

Bilang *provincial director*,

ani Pili, isa sa kanyang sinusuportahang industriya sa probinsiya ay ang industriya ng paggagatasan. Ipinakita at pinatunayan niyang kahit babae siya ay kaya niyang makapagbigay ng kontribusyon sa pag-unlad ng industriyang ito.

Sa kanyang pangunguna, isa ngayon ang DTI sa mga aktibong kabalikat ng PCC sa pagsusulong at pagpapatupad ng mga programa nito.

Sa katunayan, kinilala

ang DTI noong 2015 bilang “secondary stakeholder partner-champion” ng PCC dahil sa masigasig nitong pakikiisa sa mga layunin nito.

Kontribusyon ng DTI ang pagbibigay ng suportang teknikal para sa 52 *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija, pagtataguyod ng Gatas ng Kalabaw *Festival* sa probinsiya na sampung taon nang ipinagdiriwang, at pagbabahagi ng Php3.5M sa mga kooperatibang inaasistehan ng PCC noong 2014 para sa pagbili ng ilang kasangkapang gamit sa paggagatas katulad ng *milking machines*, *milking cans* at iba pa na mula naman sa proyekto nilang “shared service facility (SSF)”.

Kasabay ng suportang ito,

patuloy na pinalalakas ng DTI ang sektor ng kababaihan sa industriya ng paggagatasan. Ito ay sa pamamagitan ng mga lakbay-aral kung saan may pagpapakitang-gawa sa mga binibisitang institusyon gaya ng PCC patungkol sa mga pwede nilang gawin para sa pagpapalago ng kanilang mga kabuhayang salig sa gatas.

Isang hamon din sa kanyang pagiging babae ang mga naging karanasan ni Jocelyn Ramones na kasalukuyang DAR Provincial Agrarian Reform Program Officer I.

Naranasan niya ang hindi pantay na karapatang tinatanggap ng mga lalake at mga babae gaya ng mga partikular na benepisyong.

Ani Ramones, hindi naman siya agad na pinanghinaan ng loob dahil sa sistema. Sa halip na sumuko, nakiisa siya sa pagpapalakas sa sektor ng kababaihan sa bansa.

Sa katunayan, isa siya sa mga naging pangulo ng *ladies association* ng DAR noong 1988 hanggang 2004. Aniya, sakop ng asosasyon ang buong Region III. Nagsimula siyang maging miyembro nito noong siya'y *agrarian reform technologist* pa lamang sa DAR San Fernando, Pampanga at hanggang sa malipat siya sa Nueva Ecija bilang OIC-PARO noong 1999 kung saan naging pangulo rin siya ng asosasyon.

“Nakatutulong ang mga programa ng asosasyon para mapalakas ang mga kababaihan sa mga negosyong katulad ng *catering services* at *loans*. Ganito rin halos ang ipinatupad



“Dapat may katuwang ang mga kababaihan sa pagpapalago ng kanilang kabuhayan. Malaking tulong ito sa mga kananayan na kagaya ko noon.” [Jocelyn Ramones]

naming programa para naman sa pagbubuo ng mga kooperatiba sa probinsiya kung saan natulungan namin ang mga kababaihan na magkaroon ng negosyo sa iba't ibang larangan,” dagdag ni Ramones.

At dahil nga suportado nila ang halos lahat ng industriya sa probinsiya, tumutulong din sila sa pagpapalakas ng sektor ng kababaihan sa industriya ng paggagatasan.

Nagsimulang tumulong ang DAR sa programa ng PCC patungkol sa pagpapaunlad ng industriya simula pa noong 2002 sa Nueva Ecija.

Sa pangunguna ni Ramones, naisagawa ang mga sumusunod na ayuda: suportang pinansiyal para sa pagpapalakas at pagsasanay ng 52 *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija; pagtataguyod ng Gatas ng Kalabaw *Festival* kasama ng PCC, DTI, lokal na pamahalaan at iba pa; at ang pagtulong na magkaroon ng ugnayan ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), isang pederasyon ng mga kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas sa probinsiya ng Nueva Ecija at Asian Development Bank (ADB) noong 2007. Ang ugnayang ito ang siyang naging dahilan kung

bakit nailunsad ang proyektong “Dairy Enterprise at Village-Level Processing Equipment” sa probinsiya.

Bilang pagkilala, sa mga naiambag ng DAR sa programa ng PCC, pinarangalan ito bilang “secondary stakeholder partner-champion” noong 2015 kasabay ng DTI.

Sa pribadong sektor, isa naman si Marie Cavosora sa mga nagsusulong ng industriya ng gatas ng kalabaw sa bansa.

Si Marie ay isang Pilipinong balik-bayan na may *dual citizenship* at nanirahan ng matagal sa ibang bansa.

Nakapagtapos siya ng kursong *Bachelor of Arts in Liberal Arts* sa Mount Holyoke College, Massachusetts, USA; *Master of Science in Mass Communications* sa Brandcenter, Virginia Commonwealth University, Virginia, USA ; at nagkaroon ng malawak na karanasan pagdating sa *marketing* at *advertising* na tumagal nang mahigit na 25 taon bago siya magdesisyon na pumirmi sa Pilipinas noong 2012.

Dahil sa kanyang husay, naging bahagi siya ng mga



“Naisip ko na kaya ako naging Pilipino ay para may magawa akong makabuluhan para sa ating bansa at para makatulong sa mga kababayan natin.” [Marie Cavosora]

multi-national na kumpanya sa New York, San Francisco, Toronto, Hongkong, at iba pa.

Aniya, hindi niya inaasahan na magkakaroon siya ng interes na maging bahagi ng Gawad Kalinga at magtrabaho ng *full-time* rito nang siya ay mabalik sa Pilipinas.

Ito, aniya, ay nagsimula nang makilala niya si Antonio “Tito Tony” Meloto na nagtatag ng Gawad Kalinga sa Pilipinas noong 2003.

“Noong makilala ko taong 2012 si Tito Tony’y sobra niya akong naimpluwensiyahan. Sa lahat ng aking mga nakilala, siya na ata’yong Pilipino na puno ng pag-asa para sa ikakaunlad ng bansang Pilipinas,” kwento ni Marie sa wikang Ingles.

“Kaya naman magmula 2014 hanggang sa ngayon, nag-iisip ako ng mga proyekto o *social enterprises* para makatulong sa pag-unlad ng bansa,” ani Marie. Doon niya naisip ang proyektong “Dairyard”.

Aniya, isinapapel niya ang konseptong “Dairyard” kasama ng napili niyang maging mga kabalikat na sina Atty. Alexander Lacson, Prof. Gaston Ortigas at Cedric Mabilotte na pawang

mga eksperto sa pagnenegosyo at sa kani-kanilang mga disiplina. Dagdag ni Marie, kabalikat din nila ang PCC sa proyektong ito na mula naman sa pampublikong sektor.

Bilang bahagi ng PCC, ang ahensya ay magbibigay ng panimulang 10 kalabaw at tulong-teknikal para sa mga mabibiyayaan ng kalabaw sa Gawad Kalinga Enchanted Farm (GKEF) sa Angat, Bulacan.

“Ang proyekto ay naglalayon na suportahan ang *social entrepreneurship* sa bansa kung saan ang iba’t-ibang mga *partners* sa iba’t-ibang dako ay magsasama-sama para mapa-unlad ang paggagatasan sa Pilipinas. Nilalayon din nito na mapataas ang kita at antas ng pamumuhay ng mga magsasaka,” paliwanag ni Marie.

Nagpapasalamat ang grupo niya at ang GK sa PCC dahil sa tulong teknikal nito para sa *product development*. Inaasahan nila, aniya, na dahil sa proyektong ito ay kayang-kaya nilang mapataas ang kita ng mga magsasaka.

“Tuluy-tuloy lang kami sa proyektong ito at gayundin sa pagpapalago ng

industriya ng paggagatasan at pakikipagtulungan sa PCC,” pagtatapos ni Marie.

Hindi nagkamali ang bayan ng Llanera at San Jose City sa Nueva Ecija nang maghalal ang mga mamamayan nito ng parehong babaing alkalde.

Ang mga Mayora na sina Lorna Mae Vero at Marivic Belena ay iniangat ang mga kababaihan sa larangan ng serbisyo-publiko matapos gawing katugunan sa lumiliit na bilang ng trabaho at pagkakakitaan sa kani-kaniyang bayan ang programang isinusulong ng Philippine Carabao Center (PCC).

Pinatunayan ni Vero na magbubunga ng maganda ang pagyakap niya sa *Carabao Development Program* (CDP) para sa kanyang bayan noong 2007. Napagkatiwalaan ng 274 *purebred* na gatasang kalabaw ang Llanera. Nang makita ang benepisyo ng *Artificial Insemination* (AI), nabiyayaan pa ng 230 *crossbreds* na kalabaw ang bayan na kalauna’y naging kilala sa lalawigan dahil sa mataas na produksyon ng gatas mula sa kalabaw.

Hindi nagkamali ang dating alkalde sapul nang makipagbalikatan siya sa PCC. Ang misyong paangatin ang kinikita ng mga magsasakang Llaneranos ay nagkaroon ng katuparan.

Naging katuwang din ni Vero sa pagpapalago ng kabuhayang salig sa kalabaw ang pag-usbong ng limang kooperatibang tinutulungan din ng PCC na mag-alaga ng



“Nagtiwala lang ako sa kakayahan ko na baguhin ang buhay ng mga taga-Llanera. Nagkaisa ang lahat sa magandang programang hatid ng PCC at masaya ako sa inaang tagumpay ng aming bayan sa ngayon.” [Lorna Mae Vero]

mga gatasang kalabaw. Buhat dito, sinimulan niyang itatag ang *Cooperative Entrepreneurship Office* upang gabayan ang operasyon ng naturang mga koop.

“Simula ng maupo ako bilang Mayor, alam kong pagkakataon ko na ito para tulungan ang mga Llaneranos. Naniniwala ako sa ideya ng kooperatibismo, ang kagandahang dulot nito dahil pinagbubuklud-buklod nito ang mga tao na may iisang interes para sa sama-samang pag-unlad,” saad ni Vero patungkol sa pagsuporta niya sa mga adhikain ng mga koop na nakatuon sa paggagatas ng kalabaw.

Kilala ang San Jose City bilang isa sa may pinakamatataas na produksyon ng gatas ng kalabaw sa lalawigan. Sa pakikipagtulungan sa PCC, hindi naging imposible na makamtan nila ang naturang posisyon.

Sa kasalukuyan, anim na kooperatiba ang nagtutulung-tulong sa pamamahala ng 467 *purebreds* at 335 *crossbreds* na gatasang kalabaw sa nasabing bayan.

Lima mula sa anim na kooperatiba ay tinaguriang

pinakamahuhusay na maggatas ng kalabaw dahil sa palagiang mataas na produksyon ayon sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO). “Sa estado ng aming mga kooperatiba, masasabi kong nakuha na



“Tuluy-tuloy lang kami sa pagsuporta sa aming mga magsasakang-maggagatas. Itinataguyod din namin ang palagiang pag-inom ng gatas ng kalabaw sa San Jose City upang lalong mapalaganap ang industriya.” [Marivic Belena]

nila ang tiwala ng lokal na pamahalaan para iprayoridad sila na suportahan sa kanilang mga operasyon,” ani Mayor Marivic Belena.

“Sa totoo lang, ako mismo ay humahanap ng magandang *market* para sa gatas ng kalabaw. Sa kasalukuyan, ang LGU ay bumibili ng gatas mula sa isang koop para sa aming *milk feeding program*,” saad ni Belena.

Tinutukoy ni Belena ang

Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative sa barangay Sibut. Ang naturang koop ay kinilala ng PCC bilang “Outstanding Dairy Cooperative” dahil sa pagsasagawa ng *twice-a-day milking* na natutuhan sa mga *seminar at training* na isinagawa ng PCC para magkaroon ng tuluy-tuloy na mataas na produksyon ng gatas.

Ayon kay *EPMPC chairman* Melchor Correa, ang proyektong “Agad Serbisyong Bayan” ng lokal na pamahalaan ay bumibili ng 300-500 *packs (100 ml-150 ml)* ng *choco milk* sa kanila kada linggo na nagbibigay sa kanila ng kitang Php20,000 kada buwan.

Nakipagbalikatan din ang pamahalaan ng San Jose City sa Department of Science and Technology upang mapagkalooban ang

EPMPC ng *milk processing equipment at milk pasteurizer* na nagkakahalaga ng Php115,000.

Hinihikayat din ni Belena ang mga kabataan na piliing mag-aral ng agrikultura bilang propesyon alang-alang sa pagsigla ng ekonomiya ng bansa.

“Ang ekonomiya natin ay malawakang nakadepende sa agrikultura at maraming pamilya, partikular na sa mga probinsya ang umaasa rito bilang pangunahing mapagkukunan ng kita” saad niya.



S

abi nila, ang babaing negosyante ay buhos ang kakayahan at pagsisikap para lang mapalago ang isang kabuhayan.

Sa industriya ng paggagatasan, maraming negosyanteng babae na ang gumawa ng pangalan at nagpamalas ng galing. Halimbawa na lamang ay ang Progreso Women and Workers Multipurpose Cooperative (PROWWMPC) sa Progreso, Alicia, Bohol at ang babaing negosyante sa likod ng tanyag na 'Susie's Cuisine' sa Angeles, Pampanga.

Para sa tagumpay ng negosyanteng Pinay,

Kaway!

NINA MA. CECILIA C. IRANG, KHRIZIE EVERT M. PADRE
AT LEINEFE LIBRES



Naitatag noong 2006 ang Progreso Women and Workers Association (PROWWA) sa pangunguna at suporta ng provincial local government unit ng Bohol. Nagsimula sila sa 40 miyembro kung saan apat lamang ang mga lalake kung kaya't pinangalanan itong "women and workers association".

Ito ay nabigyan ng ayudang Php100,000 ng Bohol Poverty Reduction Management Office (BPRMO). Ginamit ng grupo ang pondo para sa negosyong pagpapautang kung saan Php2,000 ang pinakamalaking halagang pwede nilang ipahiram. Maliban sa negosyong pagpapautang, nagsimula rin itong magpatayo ng sari-sari store. Taong 2010 naman nang maging Progreso Women and Workers Multipurpose Cooperative (PROWWMPC) ang pangalan nito.

Noong 2013, nagsagawa ng *orientation* sa grupo ang isa sa mga empleyado ng Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (PCC-USF) tungkol sa programa ng paggagatasan. Sa tulong ng PCC-USF, ang grupo ay nakakuha rin ng suporta mula sa Department of Labor and Employment (DOLE) noong 2014 para sa *bakery business* at sa taon ding ito nagsimula ang kanilang *catering services*.

Maliban sa pagbebenta ng naprosesong gatas, ang kooperatiba ay nagpoproseso rin ng *choco milk*, *choco milkbar*, at iba pang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw. Isa sa mga *bestsellers* nito ay ang "milkybread" kung saan hinahalo ang gatas sa harina

imbis na tubig at pinoproseso sa sampung iba't ibang klase ng tinapay.

"Kasabay ng pagiging babaing negosyante ang paggawa ng desisyon at pagharap sa mga posibleng pagsubok na dumating, at kapag nasosolusyunan namin 'yong problema ay mas tumataas ang tiwala namin sa sarili namin," kwento ni Merlinda Quinlog, *manager* ng PROWWMPC.

Sa kasalukuyan, mayroong 15 babaing miyembro ang grupo na direktang kabilang sa programa ng paggagatasan partikular na sa aspeto ng produksyon ng gatas, pagpoproseso, at pagbebenta.

"Ang negosyong ito ay talagang nakatutulong sa aming mga kababaihan na ipakita ang aming mga natatagong kakayahan at hindi lang basta magkulong sa apat na sulok ng aming tahanan. Nakatutuwa nga dahil may mga bagay kaming nadidiskubre na kaya pala naming gawin at gampanan katulad ng *sales talking* at 'yong sinasabi nilang *working under pressure*," paglalahad ni Quinlog.

Nagsimula ang kwento ng isang pagiging negosyanteng babae ni Susie Ayson-Yabut nang tuluyang ipamahala sa kanya ng kanyang ina na si Anicia "Lola Aning" Ayson ang kanilang kabuhayan.

Dahil na rin sa nakalakhan niyang pamilya na may hilig talaga sa pagluluto, naging susi ito upang lalo niyang mahasa ang kanyang talento sa pagluluto at maging daan upang mapaunlad ang ngayo'y

kinikilalang pinakamasarap na gumagawa ng kakaning Pampango, ang Susie's Cuisine.

Sa edad na 49, napatunayan na rin ni Susie na ang pagsisikap, pagiging malikhain at matiyaga ay mahahalagang sangkap upang mapaunlad ang isang kabuhayan at marating ang mga mithiin.

Bagama't malayo na ang narating na tagumpay ni Susie sa tulong ng kanyang kabiyak na si Glenn sa larangan ng pagnenegosyo, palagi pa rin nilang pinasasalamatang mga taong naging parte ng kanilang tagumpay, higit lalo kay Lola Aning.

Lingid sa kaalaman ng iba, si Susie ay isang *Amerasian* na inaring tunay na anak ni Lola Aning. Ito ay isa sa mga naging pangunahing dahilan ng kanyang pagpupursige na magampanang mabuti ang pamamahala ng kanilang kabuhayan.

"Nandoon 'yong pagnanais mo na maipakita at maipagmalaki ka ng kumupkop sa'yo at siyempre ng kapamilya mo. Bilang isang anak, naniniwala ako na mayroon akong responsibilidad na ibalik ang lahat ng kabutihang ipinaramdam ng pamilyang kumupkop at nag-alaga sa akin," saad ni Susie.

Isa sa nakapagpapa-angat sa timpla at lasa ng kanilang produkto ay ang kakaibang sangkap na ginagamit sa pagluluto nito. Sa nakaraang 44 na taon, ang paggamit ng gatas ng kalabaw sa kanilang mga produkto ang nagsilbing



Pagtutulungan at malasakit ang ilan sa mga sangkap na ibinahagi ng Susie's at Progreso Women upang umunlad ang isang negosyo.

bentahe ng Susie's Cuisine upang magustuhan ng mga Kapampangan ang kanilang mga produktong *native* na kakanin.

"Nang mailipat sa amin ang pamamahala ng Susie's Cuisine ay nagsimula na kaming magdagdag pa ng ibang produkto tulad ng mga pasta, iba pang lutong kakanin at tapsilog. Ngunit sa kabila nito, pinanatili namin ang orihinal na paraan ng pagluluto ng tibok-tibok at ng ibang kakanin dahil doon kami nakilala," dagdag niya.

Ang kanilang mga kostumer ay maraming produktong mapagpipilian sa kanilang mga sangay na sa kasalukuyan ay nasa 17 na ang bilang.

Ayon sa kanya, bukod sa pamanang kabuhayan sa kanila ni Lola Aning, nakangiti niyang ibinahagi ang hinding-hindi niya malilimutang pinakamagandang leksyon na ibinahagi sa kanya

nito sa pamamahala ng negosyo.

"Palaging sinasabi ni Nanay noon na hindi baleng ikaw 'yong maloko, wag lang ikaw 'yong manloko. Lyon ang lagi niyang ipinaaalala at ang panatilihin namin ang kalidad ng produkto," saad niya.

Ayon pa sa kanya, importante na maalam ka sa negosyong papasukin mo.

"Unang-una, kailangang pag-aralan mo ang papasukin mong negosyo kasi may iba d'yan na nakadepende lang sa galing ng mga tauhan nila. Kapag umalis sila, paano ka na? Kailangan na ang pagsasanay ng trabahador mo ay sa'yo mismo manggaling at kung ano man ang gusto mo na mangyari, iyon ang masusunod at hindi nakadepende sa kanila. Ang mga trabahador kasi hindi maiiwasan na umalis, kaya kung ikaw mismo ang nakakaalam ng produkto mo, makakapagsanay

ka uli ng bagong kapalit nila," aniya.

"Sa mga tulad kong babaing negosyante, nakikita ko ang mga katangian namin na angat sa mga kalalakihan. Kabilang na dito ang pagiging *flexible* natin sa ating mga trabaho, mas maunawain at mapagpatawad pagdating sa ating mga tauhan. Siguro dahil na rin sa likas na pagiging ina natin. Mas mahaba rin ang oras na kaya nating ilaan sa pagtatrabaho at nagagawa nating ibalanse ang buhay pamilya at trabaho," dagdag pa niya.

Sa ngayon, may kabuuang 200 empleyado sa iba't-ibang sangay ang Susie's Cuisine. Hindi rin matatawaran ang mga parangal na kanya nang natanggap dahil sa kanilang pagsisikap. Kabilang na nga roon ang kamakailan lang na pagtatanghal sa kanya bilang "Kakanin Queen" sa buong Pilipinas.

Maki-wacky!

MULA SA PAHINA 17

Nataragsit.

Sa Tagalog, “maliksi” ang ibig sabihin ng salitang Ilocano na iyan na pinakamainam na pagsasalarawan kay Gloria Dela Cruz, *center director* ng PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC-DMMMSU). Sa edad na 62, malayong tungkol sa *retirement* na ang nasa isip ng Ginang na ito.

Isa si Dela Cruz sa dalawang babaing *regional center directors* ng PCC. Ang isa ay katulad din niyang “nataragsit”, si Grace Marjorie Recta ng PCC sa Mariano Marcos State University.

Bukod sa masigla niyang awra at disposisyon sa buhay, kamakailan lang ay naparangalan si Dela Cruz ng “National Civil Service Award o PAG-ASA Award” dahil sa kanyang natatanging kontribusyon sa serbisyo-publiko. Patunay itong may ibayong sigla pa ang ale sa kanyang ginagampanang trabaho sa PCC.

Bukod sa PAG-ASA Award na tinanggap noong nakaraang taon, kinilala rin si Director Dela Cruz sa Department of Agriculture - I nang tatlong ulit: bilang “Outstanding Employee”, “Outstanding Provincial Agriculturist” at “Outstanding Municipal Agricultural Technologist”.

Dahil marahil sa kanyang aktibong *maternal instinct*, isa

sa mga tinututukang programa ni Director Dela Cruz ang paninigurong hindi mauubos o bababa ang populasyon ng mga kalabaw sa kanyang saklaw na lugar ng serbisyo sa *Region I* kabilang ang mga lalawigan ng La Union, Pangasinan, at Benguet.

Ang kanyang malasakit na ito ay tulad ng sa isang ina na handang proteksyunan ang kanyang mga supling.

Sa katunayan, nilakad niya ang paglalaan ng pondo para sa *buyback program* ng mga mestisang kalabaw o yaong mga produkto ng *bull loan* at *artificial insemination*.

Sa tulong ni dating senador Leticia Ramos-Shahani, na masigasig na kaakibat ng PCC-DMMMSU sa mga gawain nito, naglaan ng pondo ang mga opisyal sa kanyang mga sinasakupang lalawigan para sa programang *buyback*. Gayundin naman, dahil pa rin sa kanyang pagkukusa, nagbigay ng Php5.5 milyon ang *local government unit* sa pamamagitan ng Department of Labor and Employment para sa parehong panukala. Ang hangarin nito ay bilhin ang mga mestisang kalabaw at ipamahagi sa mas marami pang magsasaka.

Bukod diyan, nilakad din ng PCC-DMMMSU sa pangunguna pa rin ni Dela Cruz ang pagpasa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Pangasinan ng ordinansang “Regulating the Sale and Slaughter of Female Breedable Carabao”. Kaakibat nito ang paglalaan ng pondong Php1.5 milyon taun-taon para sa pagbili ng mga babaing kalabaw.

“Hindi natin hahayaan na dumating ang panahong ang makikita na lang na kalabaw ng mga susunod na henerasyon ay walang iba kundi estatwa,” ani Dela Cruz.

“Kinikilala natin ang kontribusyon ng kalabaw sa pagbibigay ng kabuhayan sa maraming maliliit na magsasaka at mga pamilya sa kanayunan kung kaya’t patuloy natin itong isinasagawa,” dagdag pa niya.

Sa paggampan niya sa kanyang mga tungkulin, naitanong sa kanya: “Nakaranas ka ba ng pangmamata sa kakayahan mo bilang lider dahil babae ka?”

“Para sa akin hindi dapat maging batayan lang ng kakayahan mo ang *height* mo o ang *educational attainment* mo o maging ang pagiging babae mo. Dapat may bukal na puso sa paglilingkod. Lyon ang mahalaga,” diretsong sagot ni Dela Cruz sa katanungan.

Aniya pa: “Ang babae kasi kayang gawin ang lahat para sa kanyang pamilya o sa mga mahal niya sa buhay. Bukod diyan, hindi rin maikakaila ang kanilang pagkalinga at pag-aalaga,” dagdag niya.

Dahil sa pag-ibig na iyan, ani Dela Cruz, kaya ng babaing mapagbago ang kanyang kapwa na mas maging mabuting tao.

Sa kanyang trabaho bilang *center director*, ito ang mga prinsipyong pinaiiral ni Director Dela Cruz kung kaya’t nananatili siyang may positibong pananaw sa buhay.

Kaya nga kahit saan mo tignan, “nataragsit nga agpayso! (masiglang tunay!).”



Babae,

sa iyong mga mata
bumubukal ang pag-asa
kundi ma'y pag-ibig
na 'di kailanman manghihinawa.

Sa iyong mga mata
lakas ay mababanaag
kundi ma'y sakripisyong
'di kailanman matitibag.

Sapagkat,
ikaw nga'y bukod-tangi
sa babaing lahat!

—RGB

